Negatibo ba ang iyong dugo sa CMV?

Ang CMV ay isang birus na kumakalat sa pamamagitan ng laway, uhog, at ihi -- at madalas na hindi napapansin na may kaunti o walang sintomas. Ang mga malulusog na sanggol at mga bata ay karaniwang nakukuha ang CMV mula sa kanilang mga kapantay at ipinapasa ito sa kanilang buntis na ina.

Ang dugong Negatibo sa CMV ay karaniwang mataas ang demanda, ginagamit sa transfusion sa mga bagong silang na sanggol ("dugo ng sanggol") at ibang mga pasyente kung saan ang CMV ay maaaring maging sanhi ng malubhang mga komplikasyon sa kalusugan.

Kapag mayroon ka ng dugong Negatibo sa CMV, kailangan mong gumawa ng mga karagdagang pag-iingat sa kalinisan sa panahon ng pagbubuntis upang maiwasan ang congenital CMV. Ang impeksyon ay nangyayari kapag ang isang buntis na babae ay nalantad sa CMV at ang birus ay naipasa mula sa ina sa hindi pa isinisilang na anak, na posibleng maging sanhi ng mga depekto sa pagsilang at iba pang mga seryosong kapansanan sa pag-unlad.

Mga tip upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong sanggol na hindi pa isinisilang mula sa CMV:

- Iwasang makipag-ugnay na may laway kapag hinahalikan ang mga bata. Halimbawa, maaari kang humalik sa noo o pisngi kaysa sa mga labi.
- Huwag isubo sa iyong bunganga ang anumang bagay na nanggaling sa bunganga ng bata, kabilang ang pagkain, mga baso, mga kagamitan, at mga pacifier.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas, pero lalo na pagkatapos magpalit ng lampin o punasan ang ilong at bunganga ng bata.

Matuto pa sa
www.NationalCMV.org

NATIONAL CMV FOUNDATION